# Data sa Muling Pag-distrito 101

## Ano'ng Ire-release at Kailan Ito Ire-release?

Ang Kawanihan ng Senso ng US ay nagbibigay sa 50 estado (states), Distrito ng Columbia, at Puerto Rico ng mga bilang ng populasyon na gagamitin sa kanilang pag-amyenda ng mga pangkonggreso at pang-estadong hangganan ng distrito sa lehislasyon—isang prosesong kilala bilang "muling pag-distrito."

Ire-release ng Kawanihan ng Senso ang mga data na ito sa pampublikong site ng FTP (Protocol sa Paglilipat ng File) sa o bago ang Agosto 16, 2021. Ire-release ng Kawanihan ng Senso ang nabanggit na data sa mga format na mas madaling gamitin sa o bago ang Setyembre 30, 2021.

Bagama't tungkulin ng mga estado (state) ang muling pag-distrito ng lehislasyon, nagbibigay ang Kawanihan ng Senso ng mga pinakatumpak na bilang ng populasyon hangga't maaari para sa mga heograpikong lugar na kinakailangan ng mga estado (state).

## Napakaraming Granular na Data

Ang mga data na ito, na opisyal na tinatawag na P.L. 94-171 Mga File ng Buod ng Data ng Muling Pag-distrito, ay may kasamang mga bilang ng pabahay ayon sa status ng pagpatira sa pabahay, mga bilang ng populasyon ayon sa lahi at etnisidad (Hispaniko/Latino na pinagmulan), para sa kabuuang populasyon at populasyon ng edad na nakakaboto, at ayon sa uri ng grupong tirahan para sa populasyon ng grupong tirahan—hanggang sa antas ng block ng senso. Nagbibigay ang impormasyong ito ng minsan sa isang dekada na demograpikong ulat na naglalaman ng populasyon ng ating bansa.

Dumaan ang data sa isang kumprehensibong pagsusuri upang matiyak na ang mga ito ay may mataas na kalidad, pumoprotekta sa pagiging kumpidensyal ng data ng senso na iniuulat ng o sa ngalan ng mga indibidwal, at naaangkop na gamitin para sa muling pag-distrito.

## Pag-access sa Data

Ang unang release ay magiging available sa Agosto sa site ng FTP ng Kawanihan ng Senso na may parehong format ng file na ibinibigay sa mga estado (state) bilang bahagi ng Mga Senso ng 2010 at 2000. Nangangailangan ang format na ito ng ilang karagdagang software at pagkilos upang ma-extract ang data. Nagbigay ang Kawanihan ng Senso ng iba't ibang resource online upang matulungan ang mga user ng data sa pag-download at pag-extract ng data.

Sa Setyembre, maa-access ng mga user ang nabanggit na mga estadistika sa <https://data.census.gov>. Sa pamamagitan ng release na ito, mapapadali ang paghahanap ng lokal na impormasyon at mabibigyan ng kakayahan ang lahat na i-access at gamitin ang data ng muling pag-distrito. Sa panahong iyon, ihahatid din ang mga data na ito sa mga opisyal na tatanggap para sa estado (state) sa isang toolkit sa mga DVD at flash drive.

## Mga Proteksyon sa Pagiging Kumpidensyal

Dahil ang data ng muling pag-distrito ay naglalaman ng demograpikong detalye para sa napakaliit na heograpiya, mahalagang protektahan namin ang pagkakakilanlan ng mga indibidwal sa mga inilathalang estadistika.

Ang Kawanihan ng Senso ay gumagamit ng modernong paraan na tinatawag na differential na pagkapribado upang protektahan ang indibidwal na impormasyon habang pinapahintulutan kaming magbahagi ng mahahalagang estadistika tungkol sa mga komunidad.

Maingat na nagdaragdag ang Kawanihan ng Senso ng noise sa estadistika sa data sa antas ng block upang maitago ang personal na impormasyon. Hindi idinisenyo upang indibidwal na gamitin ang data ng block. Dapat ay pinagsama-sama o nakagrupo ang mga ito sa makakatabing heograpikong lugar. Samakatuwid, sa halip na gawing tumpak ang isang indibidwal na block, hinihikayat ng Kawanihan ng Senso ang mga user ng data na pagsama-samahin o igrupo ang mga block. Kapag pinagsama-sama ang magkakatabing block, nagiging mas maaasahan ang mga bilang ng populasyon at mga katangian ng demograpiya.

**Press Kit ng Muling Pag-distrito**

**www.census.gov/newsroom/press-kits/2021/2020-census-redistricting.html**

D-FS-GP-TL-048
Hulyo 2021

United States® Census 2020